{Ang Sugo ni Allāh noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pinakagalante sa mga tao. Siya noon ay ang pinakagalante sa Ramaḍān kapag nakikipagtagpo sa kanya si Anghel Gabriel

Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Ang Sugo ni Allāh noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pinakagalante sa mga tao. Siya noon ay ang pinakagalante sa Ramaḍān kapag nakikipagtagpo sa kanya si Anghel Gabriel. Siya noon ay nakikipagtagpo rito sa bawat gabi ng Ramaḍān saka nakikipag-aralan siya rito ng Qur'ān. Kaya talagang ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pinakagalante sa kabutihan kaysa sa hanging isinugo.}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Ang Sugo ni Allāh noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pinakadakila sa mga tao sa pagkamapagbigay. Siya noon ay nagpaparami ng pagkamapagbigay niya sa buwan ng Ramaḍān yayamang siya noon ay nagbibigay ng nararapat sa sinumang nararapat. Ang kadahilanan sa karagdagan ng pagkamapagbigay niya ay dalawang bagay: A. Ang pakikipagkita niya kay Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga). B. Ang pakikipag-aralan niya ng Qur'ān, na pagbigkas ng Qur'ān buhat sa memorya. Nakikipag-aralan sa kanya si Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga) ng lahat ng bumaba mula sa Qur'ān. Talagang ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay pinakamapagbigay, pinakamarami sa pagbibigay at sa paggawa ng kabutihan, at pinakamabilis sa pagpapakinabang sa nilikha kaysa sa kaaya-ayang hangin na isinugo ni Allāh kalakip ng saklolo at awa.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/6179